


# 5<sup>TH</sup> PHILIPPINE LINGUISTICS CONGRESS

Mga Unibersal na mga Wika sa Pilipinas  
1990



PROCEEDINGS

Proceedings of the  
**5<sup>TH</sup> PHILIPPINE LINGUISTICS  
CONGRESS**  
1990

---

**Copyright Notice**

The copyright of all articles published in the PLC conference proceedings remains with the authors, i.e. authors retain full ownership of their article. The views reflected by the authors in the conference proceedings do not necessarily reflect the views of the publisher, editors, and conveners.

Access to the papers uploaded is free on the condition that proper attribution is given.

*Recommended entry:*

[Author]. (1990). "Title of Paper". In *Proceedings of the 5th Philippine Linguistics Congress*. Quezon City: University of the Philippines Department of Linguistics. Accessed [Date] at the UP Department of Linguistics website: [link].

For more information, please refer to the Acceptable Use Policy of the University of the Philippines.

---

Department of Linguistics  
Palma Hall  
Quirino Avenue  
University of the Philippines  
Diliman, Quezon City 1101  
Philippines

<https://linguistics.upd.edu.ph/>

linguistics.upd@up.edu.ph

Republika ng Pilipinas  
(Republic of the Philippines)  
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS  
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)  
Maynila

April 19, 1990

DECS MEMORANDUM  
No. 102, s. 1990

THE FIFTH PHILIPPINE LINGUISTICS CONGRESS

To: Bureau Directors  
Regional Directors  
Schools Superintendents  
Presidents, State Colleges and Universities  
Heads of Private Schools, Colleges and Universities  
Vocational School Superintendents/Administrators

1. The Department of Linguistics and the College of Social Sciences and Philosophy of the University of the Philippines will sponsor the Fifth Philippine Linguistics Congress from May 30 to June 1, 1990 at the Faculty Center Conference Hall, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
2. The theme of the Congress is: "Mga Unibersal na mga Wika sa Pilipinas." Scheduled to be presented and discussed at this Congress are ten (10) papers dealing with the various aspects of Philippine languages.
3. Authorized to attend this three-day symposium are: (a) one representative from each DECS region who may be a teacher of social studies, language or literature in all levels; and (b) representatives from state and private colleges and universities. Participants to this Congress will be able to hear leading scholars in the field of Philippine linguistics and will also learn about the activities and findings of field researchers. The open forum after each topic will enable the delegates to actively participate in the discussions.
4. A registration fee of three hundred pesos (P300.00) will be charged per participant. They will be provided with copies of the different papers presented in the Congress. Delegates from public schools may charge the registration fee and other allowable expenses to local funds subject to the usual accounting and auditing rules and regulations and the provisions of DECS Order No. 25, s. 1989. Representatives from state and private institutions may have their own arrangements with their respective schools.

# **ANG GITNANG KONSONANT-KLASTER NA MEY GLOTAL**

**Consuelo J. Paz, Ph.D.**

*Ikalimang Kongreso ng Linggwistik  
sa Pilipinas  
30 Mayo - 1 Hunyo 1990*

**Inisponsor  
ng DEPARTAMENTO NG LINGGWISTIKS  
sa pakikipagtulungan  
ng SENTRO NG WIKANG FILIPINO  
at PHILIPPINE NATIONAL SCIENCE SOCIETY**

5. For further inquiries, interested participants may contact:

Ms. Emilita L. Cruz  
Coordinator, College of Social Sciences  
and Philosophy, Department of Linguistics  
University of the Philippines  
Diliman, Quezon City

6. Immediate dissemination of this Memorandum is desired.

(SGD.) ISIDRO D. CARINO  
Secretary

Reference:

DECS Order: (No. 25, s. 1989)

Allotment: 1-2-3-4--(M.O. 1-87) and 10-11-12-13-14-15-16-17-18-19-20

To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:

CONFERENCE  
CONVENTION  
LANGUAGE  
SCHOOL

SEMINARS  
TEACHERS  
WORKSHOPS

10-20  
10-20  
5

431  
45  
✓8  
58

Ang Gitnang Konsonant-Klaster na Mey Glotal<sup>1</sup>

C. J. Paz

Laging kawili-wili sa akin na pag-aralan ang mga baryasyon o dayalek ng isang wika dahil inilalarawan ng mga ito ang likas na pagkakaiba at pag-iiba ng tao at ang hilig niyang mag-imbento o mag-inobeyt.

Ang pagkakaiba ng punto, o di kaya ng bokabularyo ng mga nagsasalita ng isang wika ang karaniwang batayan ng pagkikilala ng mga dayalek ng isang wika. Pero mas makabuluhan ang pag-iiba ng mga tuntunin sa pagbubuo ng mga istruktura - tunog, salita o sentens - dahil kung sa haba ng panahon dumami na ang mga bagong tuntunin, tuluyan nang magiging mga ibang wika ang mga dating dayalek lamang. Sa maikling salita, nagbubukod ang mga dating dayalek at nagiging mga wikang mey mga dayalek na rin.

Kadalasan, ang mga pag-iiba'y resulta ng mga tuntuning pagkaltas, pagdaragdag o pag-babagong ayos. Matatawag ding pagrereorder ang huling binanggit. Bibigyang pansin ang tuntuning pagkaltas sa papel na ito. Ipapakita ito sa pagpapaliwanag ng isang katangian ng mga dayalek ng Tagalog (Tag), ang pag-iiba ng mga gitnang konsonant-klaster (-KK-) na mey glotal (?). Tatalakayin din dito ang kaugnayan ng sinaunang Tag o Proto-Tagalog (\*PT) sa Proto-Pilipinas (\*PP). Gagawin ito bilang kontribusyon sa paglilinaw ng pag-iibang morpolojikal ng mga wika sa Pilipinas, sa ganoon, inaasahan makakatulong ito sa paglutas ng ilang problemang morpolojikal ng mga kontemporaryong wika.

### Simplipikasyon

Ang isang makabuluhang pag-iiba sa wika'y ang pagkaltas o pagkawala ng mga tunog o di kaya ng mga pormasyon tulad ng salita o sentens. Kapag nawala o nakaltas ang alinmang elemento na nagbunga ng pag-iiba ng mga tuntunin ng wika, masasabing nagiging mas simple ang isang pormasyon. Halimbawa, ang mga magkasunod na konsonant o mga konsonant-klaster ay nagiging isang konsonant na lamang dahil hindi na sinasabi ang isa sa mga ito.

K<sub>1</sub> K<sub>2</sub> --> K<sub>2</sub>


Maaari ring ang nawala o nakaltas ay isang katangiang dating nagpapakilala sa isang partikular na pormasyon. Mey mga pormasyon o istraktura ng wika na nakikilala dahil sa isang partikular na katangian o fityur. Masasabing ito ang pagmamarka ng pormasyong itinutukoy. Tinatawag itong markedness sa Ingles. Kung gagamitin natin ang naunang halimbawa at ang klaster ay K? o ?K, masasabing markado ang klaster dahil sa katangian na ?, o isa sa mga konsonant ay ang tunog na ?. Ang mga klaster na walang ? ay di-markado (unmarked sa Ingles). Karaniwang nagsisimplifay ang mga pormang markado.

### Kaugnay ng Kronoloji

Bukod sa mga pag-iiba ng mga istruktura, katulad ng kadidiskas pa lamang, importanteng malaman natin kung anu-anong pag-babagong nangyari sa isang partikular na pormasyon sa kasaysayan ng isang wika. Importante ring ipakita ang pagsunud-sunod ng mga inubasyon o pag-iiba. Alin ang naunang pag-iiba? Alin ang sumunod? Ano ang ka-

ugnay na kronoloji ng mga pag-iiba? Masusuri natin ang mga iba't ibang pag-iiba sa pagkukompara ng mga megkakahawig na wika, o di kaya sa pagkukompara ng mga dayalek ng isang wika. Sa pagsusuri ng kronoloji ng pag-iiba malalaman kung alin sa mg ito ang nauna at sa ganoon, alin ang mga dayalek na naunang bumukod sa sinaunang wika. Malalaman din kung alin ang mga koordineyt na dayalek o halos sabay na bumukod.

Makakabuo ng teyorya ng pag-iiba sa isang wika o sa mga wikang sinusuri kapag naipakita di lamang ang mga pag-iiba kundi pati na rin kung papano ang pagkasunud-sunod ng mga nangyaring pag-iiba. Halimbawa, nagkaroon ng simplifikasyon o nawalan ng isang katangian ang isang pormasyon, at bukod dito nagkaroon ng metatesis o pagpalit ng pwesto ang mga tunog, keylangan malaman kung alin sa mga proseso ang naunang pag-iiba at sa aling mga dayalek nangyari ito. Balikan natin ang halimbawa ng -KK- na binubuo ng ? at isa pang K. Kapag sa mga salitang kogneyt ng mga dayalek ay mey -KK- na ang ayos ay K?, meron ding ang ayos ay ?K. at meroon ding iisa na lamang ang K. Maitatanong din kung halos sabay-sabay bang nang-yayari ang pag-iiba tulad ng nakalarawan sa sumusunod:



Figyur 1

Sa (1), ang wikang A ay nagkaroon ng dayalek B na kung saan nanatili ang pormasyon ; nagkaroon din ng isang dayalek C na nagkametatesis at ng D na nagsimplifay. Sa (2), ang wikang A ay nagdebelop sa B dahil sa metatesis at ang B ay nagbunga ng D na kung saan nasimplifay ang pormasyon. Ito'y naiba sa C na kung saan nanatili ang katangian ng B. Sa (3), nagkaroon ng dayalek B<sub>1</sub> na kung saan patuloy ang ?K at ng B<sub>2</sub> na nagkametatesis. Ito naman ay nagkaroon ng dayalek na nagsimplifay, C<sub>2</sub>, at ng dayalek C<sub>1</sub> na kung saan nanatili ang K?. Sa (4), nagkaroon ng simplifikasyon sa B<sub>1</sub> at nanatili ang katangian ng A sa B<sub>2</sub>. Ang B<sub>2</sub> ay nagkaroon naman ng dayalek C<sub>1</sub> na kung saan nagkametatesis at ng C<sub>2</sub> na kung saan nanatili ang katangian ng B<sub>2</sub>.

Sa mga posibilidad na nakalarawan sa itaas, mey implikasyon na

mey underlying form o istrukturang nasa ilalim o pinanggalingan ng pag-iiba sa num. 2, 3 at 4.

1. *?K	-->	?K K? K
2. *?K	-->	K?
	-->	K?
	K	
3. *?K	-->?K K? K?	-->K
4. *?K	-->K ?K ?K	K? ?K

Figyur 2

Inaasahang magkakaroon ng kaliwanagan ito sa sumusunod na diskasyon.

#### Ang -KK- sa \*PT

Sa pagsusuri ko ng mga dayalek ng Tag para matuklasan sana sinaunang hugis nito, nagkaroon ako ng opurtunidad na ipagpatuloy at laliman ang pag-aaral ko tungkol sa mga konsonant-klaster sa gitna ng mga salita, -KK-, na inumpisahan ko sa pagrerekonstrak ko ng \*PP.<sup>2</sup>

Magandang pag-aralan ang bagay na ito sa Tag dahil ang isa kapansin-pansing pagkakaiba ng mga dayalek ng wikang ito ay ang pagbigkas ng mga salitang katulad ng: bigat~big?at, puson~pus?on, gabi~gab?i, tamis~tam?is, bagang~bag?ang, sipon~sip?on, inin~in?in

at iba pa. Ang mga salitang mey ? o glotal ay kadalasan maririnig sa ilang lugar, tulad ng Bawan, Batangas sa ilang lugar sa Rizal tulad ng Taytay, Cardona at Tanay; sa Lukban, Quezon, at ilang lugar sa Laguna.<sup>3</sup>

Sa unang tingin, parang madali lang ipaliwanag ang pagkakai ito at sabihin na nagsimplifay ang gitnang konsonant-klaster ng salita at naging isang konsonant na lamang, o di kaya nawala ang glotal. Sa ganoon masusulat ang tuntuning:

K? --> K

Ang sinasabi nito'y mas matanda ang dayalek na mey K? at nagkaroon ng baryasyong kung saan hindi binibigkas ang glotal sa pormasyon na dating K?. Mas laganap ang mga pormasyong di-markado kaya't mas konti ang mga dayalek na kung saan mey klaster na mey ? o markado. Dahil dito, maaaring isiping pormasyong relik ang markado ng ? at ito ang hugis ng pormasyong ito sa \*PT. Maaari rin magkongklud na sa malaong panahon, dahil sa tuntuning simplifikasyon naiwan ang unang tunog ng klaster o di-kaya nawala ang glotal.

Kaya lang, mahirap isaisantabi ang pagsimplifay ng mga iba -KK- sa mga dayalek ng Tag na taliwas dito at kung saan ang pangalawang K ang naiwan. Halimbawa: baynat ~ binat, digkit ~ dikit, halungkay ~ halukay, likyat ~ liyab, lislis ~ lilis, saynat ~ sinat, suyba ~ suba, balingkuko ~ balikuku, baywang ~ bewang, at iba pa. Ganito rin ang kongklusyon ng pag-aaral ko ng \*PP na naobserbahan ang tuntuning \*PP K<sub>1</sub> K<sub>2</sub> --> K<sub>2</sub>. Para mas malinaw ang posibleng nangyari sa sinaunang Tag, pag-usapan muna natin ang -KK- sa \*PP. Ang prosesong ito ang isa sa mga pag-iibang nagbunga ng

mga kontemporaryong wika sa Pilipinas, at isa na rito ang Tag.

Ang -KK- sa \*PP

Dahil sa magkakamag-anak, o mga wikang galing sa isang orihinal na wika, ang mga wika sa Pilipinas, may maraming salitang kogneyt ang mga ito. Mga salita itong halos pareho ang bigkas at kahulugan sa iba't ibang wikang naggrugrupo-grupo batay sa mga pagkakahawig. Mey mga kogneyt na may mga gitnang konsonant-klaster, halimbawa:

*dingding <sup>4</sup>	>	dingding	Tag, Kap <sup>5</sup> , Png, Isi, Akl
diding	Tau		
diring	Bla		
*?albuk	>	?a?xub	Itb
?abuk		Igt	
buk		Bla	
*?antut	>	?a?tut	Itb
?utut		Tag, Iba, Isi, Bon, Nag, Kam, War,	
		Seb	
*banti?is	>	binti?	Tag
butit		Kap	
biti		Iba	
biti?is		War, Bah	
bitis		Nag	
*?alnud		?a?nud	Bon
?anud		Tag, Ilk, Itw, War, Seb, Akl	
*tulnaw		tunaw	Png, Kam, Tbw, Agt, Isi
		Tag, Ilk, Iba, Igt, Nag, Vir, Seb,	
		War, Akl, Tau, Buk	
		Mar	
		Bag(1)	
		Kap	
		Bon	
		Bag(2)	

Listahanang 1

Sa mga halimbawang ito ang naiwan o nanatiling K na resulta ng simplifikasyon ay ang pangalawang K (K<sub>2</sub>).

Suriin naman natin ang mga klaster na mey ?. Tignan natin ang pormasyong ito sa apat na salita: bigat, tamis, sipun at pasan na mey kogneyt sa maraming iba't ibang wika. Mey minungkahi akong mga rekonstraksyon ginawa ko sa mga pag-aaral ko ng \*PP.

*tamis	'tamis'		*si?pun	'sipon'
tamis		Tag, Buh	si?pun	Nag, Kam
tam?is	Nag(1)	Seb, War, Akl	si?pun	Vir
yam?is	Nag(2)	sip?un	War, Seb, Akl, Buk	
mamis		Isi, Yak	sipun	Tag, Agt, Kap, Itw
mammis	Bag	sipun	Tau (uhog)	
hamis	Vir	shipun	Sub	
kamis	Mar	sifun	Ibg	
?Emis	Buk	sEppun	Yak	
mi?is	Kal	sipA?un	Bah	
(g)memis	Sub			
namit	Itw			
?amit	Agt			
mammi?	Ibg			
sam?it	Ilk(1)			
samit	Ilk(2), Png			
hamit	Iba			
*bE?gate	'bigat'		*pu?san	'pasan'
bEg?at	Tbw, Kam	pa?san	Vir, Kam	
bEg?at		Bah	pa?san	Tau
bug?at		War, Seb, Akl	pas?an	Nag, War, Seb
buggat	Tau	pasa?an	Tbw	
habyat	Buh	pasan	Tag	
?ablat	Bla	fasan	Buh	
bEgat	Buk		pisanSub	
bElat		Png	posai?Mar	
gabat		Nag, Vir	takanAgt	
bigat		Tag		
biyat		Iba		
bayat		Kap		
(g)bEgat		Sub		
bohat		Yak		

Sa mga halimbawang ito, makikita na sa mga wika na nagkasimplifikasyon, nanatili ang pangalawang konsonant (K<sub>2</sub>). Sa mga wika namang nanatili ang -KK-, mey mga wikang nagpapakitang ang unang K ay ang ?, (?K), at meroon din naman nagpapakita na ang pangalawang K ay ang ?, (K?).

Nagkametatesis o paglipat ng mga tunog sa mga wikang K?. Halos regular ito sa mga wikang kilala sa leybel na Bisaya. Nanatili naman ang pormasyon ng \*PP (?K) sa Kam at Vir na parehong nasa Bikol at sa ilang wika sa Mindanao. Pansinin na ang Nag (nasa Bikol din) ay kung minsan mey ?K at kung minsan mey K?. Ang maaaring paliwanag dito'y dahil sentro ng populasyon o syudad ang Naga kaya't nakalantad ang wikang ito sa impluwensya ng sari-saring wika. Maaaring ituring na relik na wika ang mga mey ?K para sa sinaunang \*?K. Liban sa \*ta?mis mey ebidensya sa mga katumbas na salita sa kontemporaryong wika ang mga rekonstraksyon: \*bE?gat= Tbw, Kam bE?gat; \*si?pun = Nag, Kam si?pun, Vir si?pun; \*pu?san= Vir, Kam pa?san, Tau pa?san na nagpapatibay sa \*?K.

Bigyan natin ng pansi ngayon ang data ng Tag sa listahan ng mga kogneyt (Listahang 2) at makikita na puro walang -KK- ito. Hindi lamang ako, pero ganoon din si Dempwolff, Dyen at halos siguro lahat ng gumamit ng Tag sa historikal na pagsusuri, ang gumamit ng datang galing sa dayalek ng Tag na hindi nagpapakita ng klaster na mey ?. Sa pagrerekonstrak ko ng \*PP, hindi gaanong magkakaapekto ang ebidensya ng mga dayalek ng Tag na mey K? dahil meroon namang mga wika sa Pilipinas na mey ganitong pormasyon. Sa katunayan pinapatibay pa nga ng ebidensya nito sa Tag ang analysis

ko ng \*PP. Pero sa mas mataas na lebel, ang Proto-Awstronesyan (\*PA), maaaring malaki ang epekto sa analisis dahil kung ang ikukompara'y mga wikang puro walang ?, o mga wikang nagsimplifay na at nawala na ang ?, hindi maipapakita sa rekonstraksyon na mey ? sa sinaunang pormasyon. Kung hahanapin ang mga halimbawang diniskas kanina sa mga pag-aaral ni Dempwolff, wala sa data niya ang nasabing pormasyon.

Binanggit ko ang problemang ito para ilantad ang importansya ng mga dayalek ng wika na kung saan maaaring nakatago ang impormasyon na makakabuo ng tuney na larawan ng sinaunang wika.

#### Ang \*PT batay sa \*PP

Nasabi na kanina na kung susuriin lamang ang mga dayalek ng Tag, madaling irekonstrak ang -KK- na mey ? na \*K?. Pero kung kukonsiderahin ang iba pang wika sa Pilipinas at ang \*PP, kelangan ipaliwanag ang penomenon ng klaster na mey ? batay sa \*PP ?K. Maitatanong ngayon kung alin sa dalawang pormasyon ang hugis ng \*PT, K? c ?K.

Balikan natin ang tinalakay kanina sa Fig. 1 at 2. Kung iisipin na katulad ng War, Seb, Akl, atbp. ang nangyari sa \*PT, kaya \*K? ang sinaunang pormasyon nito, maipapaliwanag ito na resulta ng metatesis na nangyari noong pagbubukod ng \*PT sa \*PP. Ibig kong ipropows ang isang paliwanag sa pagmemetatesis ng ? at K. Alam natin na sa mga wika sa Pilipinas, awtomatik ang ? sa unang posisyon ng salita o ng silabol kung ang sumusunod na tunog ay isang vowel. Dahil sa pagkakatulad o analogi sa ganitong tuntunin,

minumungkahi ko na lumipat ang ? sa unahan ng sumusunod na vowel at sa ganoon naging unang tugon ng silabol. Para bang nahila ng vowel ang glotal. Ang pinakaangkop na paglalarawan sa nangyaring ito'y ang num: (3) sa Fig. 1 at 2, at kung isusulat ang kaugnay na kronoloji ng mga tuntunin, ganito ang resulta:

\*PP ?K      -->      \*PB ?K

\*PT K?

\*PT K?      -->      K?      (relik)

K      (mga ibang dayalek)

Figyur 3

Pansamantalang lineybel na \*PB ang mga wika tulad ng Vir, Kam, Nag, at ang "relik" naman ay ang mga dayalek ng Tag. na may K? tulad ng Bawan, Taytay, Lukban, at iba pa.

#### Konklusyon

Ang layunin ng pagpapaliwanag ko ng isang naiibang pormasyon sa mga dayalek ng Tag ay para ipakita na importanteng pag-aralan at pansinin ang mga pag-iibang dayalektal na makakalinaw sa historikal na pag-iiba ng wika. Ang mga dayalek na may mga pormasyong relik ay nagpapatibay sa mga rekonstraksyon ng mga sinaunang pormasyon. Inaabangan kong naipakita ang importansya ng pagrerekonstrak ng sinaunang hugis ng mga kontemporaryong wika bago makapagmungkahi ng

mas nakakatandang wika. Dapat pansinin ang mga pormasyon sa mga dayalek na kung saan nakatago ang impormasyon na magveverifay o di kaya tatanggi ng naunang rekonstraksyon.

Mga Nowt

1

Ang papel na ito ay resulta ng pag-aaral ko bilang Santiago Fonacier Propesor ng Linggwistik, 1988.

2

C. J. Paz, 1977, A Reconstruction of Proto-Philippine Phonemes and Morphemes (disertasyon sa PhD).

3

Ang mga dayalek ng Tagalog na nasasakop nitong pag-aaral ko'y mga sinasalita sa Rizal, Laguna at Batangas. Matatawag na pasimulang pag-aaral lamang ito dahil hindi pa isinama rito ang Tagalog ng iba pang dayalek ng Katagalugan at Camarines. Ganoon pa man, sa palagay ko, kahit na tentatib pa lamang ang mga konklusyon ko, hindi gaanong maiiba ito kahit isama ang data na galing sa mga iba pang dayalek.

4

Ang mga sumusunod na simbol ay ginagamit sa mga sumusunod na tunog: ng = n (vilar neysal), ? = glotal stop, O = , E = , A = .

5

Ang mga abribeyson na ginagamit dito para sa mga wika sa Pilipinas ay: Kap = Kapampangan, Png = Pangasinan, Isi = Isinai, Akl = Aklanon, Tau = Tausug, Bla = Blaan, Igt = Ilongot, Ilk = Ilukano, Iba = Iba, Sambal, Bon = Bontok, Nag = Naga, Kam = Kamalignon, War = Waray, Seb = Sebuano, Buh = Buhi, Itw = Itawis, Tbw = Tagbanwa, Agt = Agutaynon, Vir = Virac, Buk = Bukidnon, Mar = Maranao, Bag = Bagobo, Yak = Yakan, Kal = Kalingga, Sub = Subanen, Ibg = Ibanag, Bah = Bahi Barubo, Itb = Itbayat.

6

\*PPg : g, l, y, L, g

# **UNITED BIBLE SOCIETIES**

**Anicia del Corro**

*Ikalimang Kongreso ng Linggwistik  
sa Pilipinas  
30 Mayo - 1 Hunyo 1990*

Inisponsor  
ng DEPARTAMENTO NG LINGGWISTIKS  
sa pakikipagtulungan  
ng SENTRO NG WIKANG FILIPINO  
at PHILIPPINE NATIONAL SCIENCE SOCIETY

UNITED BIBLE SOCIETIES  
Box 1730, Makati Central Post Office  
1299 Metro Manila, Philippines

## ANG PAGSASALIN AT ILANG UNIBERSAL TUNGKOL DITO

sinulat ni

Anicia del Corro  
United Bible Societies  
Mayo 1990

### 1.0 Introduksyon

1.1 Sa alinmang lipunan, kapag ginagamit and dalawa o mahigit pang wika, di-magtatagal at magkakaroon ng mga pagsasalin. Iba-iba ang motibo dito at kung titingnan natin ang pangyayari sa Pilipinas, hindi na malayo ito sa pangkaraniwan.

May nakasulat na isang teksto sa isang wika. Sa palagay ng isa o ilang mga tao, mahalaga ang nilalaman ng tekstong iyon kaya kailangang marinig o mabasa rin ng mga taong iba ang wika. Ang resulta - pagsasalin. Sa uri ng mga akdang isinalin, makikita ang nangunguna o nangingibabaw na kaisipan sa panahong iyon.

Sa panahon ng Kastila, mga babasahin tungkol sa relihiyon ang kapansin-pansin (Almario, 1977). Unti-unting lumawak ito mula sa mga akdang gamit lang ng mga pari tungo sa babasahing pang-aliwan. Hindi nagtagal, isinalin na ang mga nauukol sa kalayaan at pagmamahal sa sariling bayan. Sa dekada sesenta, nagkaroon ng panibagong sigla sa pagsasalin ng mga akdang nauukol sa kamulatang pampulitika ng taumbayan. Bago nagsalin, tinanong muna kung may maidudulot na pagkamulat sa sariling lipunan (Tiongson, 1976). Hanggang sa kasalukuyan, patuloy ang pagsasalin ng mga akdang galing sa kanluran dahil sa layuning maipalasap ang mga obra maestra mula sa ibayong dagat sa mga Pilipino.

Sa larangan ng panitikan o literatura pinakamarami ang salin at ito'y mga banyagang tula, maikling kwento at dula. Sa larangan ng relihiyon, sinimulang isinalin ang mga babasahing tungkol sa relihiyon kagaya ng Doctrina Cristiana. Ang Bibliya ngayon ay naisalin na sa walong meyjor na wika sa Pilipinas. Hindi kukulangin sa 30 maynor na wika ang may salin na ng Bagong Tipan. At may salin na ang buong Bibliya sa 1,907 na wika sa buong mundo.

1.2 Sa pagsasalin, laging dalawa ang wikang pinag-uusapan. Ang una ay ang wikang isasalin dahil nasa wikang ito ang teksto o ang kabuuhan ng gusto ngang isalin. Tatawagin natin itong Sors na wika (SW) hango sa Ingles na "source language". Ang pangalawa ay ang wikang pagsasalinan na tatawagin nating Receptor na wika (RW) para sa "receptor language". Kung minsan, hindi ang orihinal na teksto ang ginagamit na SW kungdi ang isa pa ring salin dahil mas alam ito ng tagasalin kaysa orihinal na SW. Tinatawag itong Intermidyari SW (ISW).

Madalas gampanan ng Inggles ang ganitong gamit. Ang Old Testament o Lumang Tipan ay oriinal na isinulat sa Hebreo at ang New Testament o Bagong Tipan sa Griyego. Pero marami sa mga tagasalin ng Philippine Bible Society ay may konting kaalaman lamang sa mga wika ito, kaya ang ginagamit nila ay mga piling Bibliya sa Inggles para isalin ito sa mga wika sa Pilipinas.

Batay sa aking reserts o pananaliksik, iba-iba ang mga isyu na hinaharap ng mga Pilipinong nagsasalin.

1.2.1 Isa na dito ang paggamit ng Intermidyari na SW. Kagaya din ng halimbawang naibigay tungkol sa Bibliya, madalas Inggles din ang ISW sa panitikan at iba pang mga salin. Ang ginamit na term ni Isagani Cruz (1985) ay wikang kinakasangkapan. Sa tawag pa lamang ay negatibo na kaya makikita ang hindi magandang pagtingin dito. Sabi niya, "...dumodoble ang panganib na magkaroon ng pagkukulang ang salin kung gagamit pa ng wikang kinakasangkapan."

1.2.2 Isa pang isyu ay ang tanong kung alin ang isinasalin, ang wika ba o ang kultura. Mas mahaba ang pagtalakay nito mamaya.

1.2.3 Isa ring malaking isyu ang pagsasalin ng mga teknikal na term sa sayans. Hanggang ngayo'y pinag-uusapan pa ito. Sa isang panig, gustong gamitin sa edukasyon iyong mismong mga ginagamit sa pagsasalita, na madalas ay naimpluensya ng Inggles. Sa kabilang dako naman, gusto'y may formalidad kaya iyong mga nakasanayan base sa nakasulat at hindi iyong ginagamit sa pagsasalita.

1.2.4 Sa palagay ko ang pinakamainit sa mga isyu ay ang pagkakaroon o walang karapatan ng tagasalin na baguhin and sinasabi ng oriinal na awtor.

Sabi ni Isagani Cruz (1985), " Naniniwala ako na makapangyarihan ang tagasalin at hindi dapat na maging alalay lamang ng oriinal na awtor". Sabi naman ni Virgilio Almario (1977), "...para sa paghubog ng kamalayan ng tao, may naniniwalang kailangang salain ang akdang dapat isalin." Sabi din ni Bienvenido Lumbera (1975), " Hindi ang katapatan sa oriinal ang dapat na maging pangunahing layunin ng tagasalin kungdi ang pagsagot sa pangangailangan ng kanyang publiko." Sabi rin ni Lucila Hosillos (1977), "I hardly improve on the original", na nagpapahiwatig na may binabago nga.

Kaugnay dito, nasa tagasalin din daw ang desisyong pumili ng mga akdang isasalin ayon sa pangangailangan ng mga tao.

Sa isyung ito ko nakita ang pinakamalaking pagkakaiba ng pamamaraan sa pagsasalin. Sa isang panig, naniniwala sila na walang dapat baguhin ang tagasalin, at sa kabilang panig naman, may paniwalang puwedeng magdagdag o magbawas ang tagasalin. Ang magandang halimbawa para sa unang panig ay ang pagsasalin ng Bibliya, at sa pangalawa ay ang mga salin sa panitikan.

Ang paniwalang and Diyos ang siyang may akda ng Bibliya ang nagtutulak sa mga tagasalin na tiyaking hangga't maaari na walang mababago.

### 1.3 Mga Beysik na Pamamaraan

Kung magtatangkang magsalin ang isang taong walang kaalaman o pagsasanay sa pagsasalin maliban sa alam niyang pareho ang SW at RW, tiyak na literal ang gagawin niyang pagsasalin. Ang ibig sabihin ng literal ay may pagkakalapat ang bawat salita ng SW sa bawat salita ng RW. Madalas, kung ano ang bilang ng mga salita sa SW, ganoon din ang bilang ng mga salita sa RW. Katawa-tawa pero napakaakmang halimbawa ng mga narinig na natin.

- 1) Ewan ko sa iyo. I don't know to you.
- 2) I Sam. 24.3

Galing sa Ang Biblia (AB):

At siya'y naparoon sa mga kulungan ng kawan sa daan, na kinaroroongan ng isang yungib; at pumasok si Saul upang takpan ang kanyang mga paa. (base sa Hebreo)

- 3) Saan ka pupunta? Where are you going?

Sa ganitong paraan, ang porma o anyo ng SW ang nangingibabaw na elemento na sinusunod. Lohikal ito sa isang walang pagsasanay dahil parang walang nawawalang elemento, nakikita at nabibilang ang mga salita. Tinatawag itong PORMAL NA KORESPONDENS (PK).

Para sa mga wikang malapit ang pagkakaugnay kagaya noong mga nabibilang sa isang pamilya ng wika, madaling gawin ang pormal na korespondens. Tinatawag itong transposisyon kagaya ng mga sentens 4 at 5.

- 4) Fil. Maagang umuwi si Maria sa kanilang bahay kahapon.
- 5) Ceb. Sayong miquliq si Maria sa ilang balay gahapon.
- 6) Eng. Maria came home early yesterday.

Ngunit para sa mga wikang malaki ang pagkakaiba kagaya halimbawa ng mga wikang nabibilang sa magkaibang pamilya (pansinin ang sentens 6), hindi na sapat ang paglalapat na ganito. Kinakailangan ang ibang pamamaraan na hindi batay sa form kungdi sa kahulugan o gamit. Ito ang pamamaraan na DAYNAMIK o FANKSYONAL EKWIBALENS (DE). Mga halimbawa:

- 7) Fil. Saan ka Pupunta? Ing. Hello!
- 8) I Samuel 24.3 Ing. ...cover his feet... Fil. nanabi

9) Juan 3.3

Galing sa Revised Standard Version (PK)

Truly, truly I say to you, unless one is born anew...

Galing sa Magandang Balita (DE):

Sinasabi ko sa inyo: maliban na ipanganak na muli...

Ang pormal na korespondens at daynamik ekwibalens and dalawang beysik na pamamaraan sa pagsasalin. Sa dalawang ito nakabase ang isyu kung alin ang isinasalin, ang wika o ang kultura. Kung minsan, tinatawag ang pangalawa na idiomatikong pagsasalin. Sa ganitong pamamaraan, madalas sabihin ng mga kritiko na ang nagsasalin ay nagsasala, hango sa Inggles na "translator, traitor". Tinutukoy ng mga salitang ito na sa bawat pagsasalin, laging may nawawala (Enriquez, 1982). Kung ang pagbabatayan ay ang porma o anyo ng SW, hindi kataka-taka na may pagbabago dahil napapalitan ang porma para masusing maisama ang lahat na elemento ng kahulugan.

Sa larangan ng pagsasalin ng Bibliya, nagsimula ito na ginamitan ng pormal korespondens. Kasama dito ang mga salin magbuhat noong magsimula ang Philippine Bible Society noong 1899 hanggang 1967. Dahil sunod ang mga salin na ito sa istruktura ng Hebreo at Griyego, mahirap maintindihan. Nakita ang pangangailang sa tinatawag na "popular version" na ginagamitan ng daynamik ekwibalens. Nagsimula ito magbuhat noong 1968.

2.0 Ano ang ibig sabihin ng unibersal sa wika? Kung susundin ang literal na kahulugan nito, ito'y mga katangian na taglay ng LAHAT ng wika sa buong mundo. Pero sino nga ba ang nakapag-aral na ng lahat ng mga ito? Hindi pa nga magka-isa kung ilan ang mga wika sa Pilipinas!

2.1 Napakalawak ng usapin tungkol sa mga unibersal pero mahalaga na ang paraan ng pag-aaral dito ay empirikal at induktibo. Ito'y empirikal dahil pawang mga katangiang nakikita sa mga buhay na wika ang basehan ng anumang kongklusyon. Ito'y induktibo dahil ang jeneralisasyon ay nabubuo lamang pagkatapos nakolekta o naipon ang mga indibidwal na analisis ng iba-ibang wika.

2.2 Ang mga ibibigay na unibersal ay mga jeneralisasyon batay sa mga wika sa Pilipinas na alam ng sumusulat. Ang mga jeneralisasyon ay magsisilbing mga haypotesis na rin na kailangan pang patunayan hanggang hindi pa nasasakop ang lahat ng mga wika sa Pilipinas.

Kaugnay sa ganitong pag-aaral ang mga tinatawag na taypoloji at taksonomi na siyang nagiging simula ng mga katangiang unibersal sa wika.

## 2.3 Bakit kailangang pag-aralan ang tungkol sa mga unibersal?

Ayon kay E. Bach at R. Harms (1968), ang lingguwistik tiyuri ay nakasalalay sa pag-aalam o pagtuklas ng mga katangian o anyo ng taglay ng lahat ng mga wika. Ito mismo ang basehan ng mga "transformational rules" ng jeneratib gramar. Nakakagawa ng rul dahil nga ito'y mga regular. Sa madali't sabi, ang pagtuklas ng mga unibersal sa wika ang kahahantungan ng gawain ng bawat lingguwist.

Ang isang komperensya tungkol sa unibersal sa wika ay naganap noong 1961 sa New York. Ang produkto niyon ay isang libro na inedit ni Joseph Greenberg. Isang libro din tungkol sa mga unibersal sa lingguwistik tiyuri ang pinablis din noong 1968. Inedit ito nina E. Bach at R. Harms. At ngayong 1990, tayo naman ang may kongres tungkol sa mga unibersal sa mga wika sa Pilipinas.

### 3.0 Pagbibigay ng Distingksyon:

Gagamitin dito ang distingksyon na ginamit sa nasabing komperensya sa New York noong 1961. Dahil nga sa limitasyon ng kaalaman natin tungkol sa mga wika, nararapat lang na mapag-iba natin ang mga sumusunod:

#### 3.1 Unibersal na walang restriksyon:

Ito'y mga unibersal na pawang taglay ng lahat ng mga wika. Halimbawa, ang lahat ng wika ay may nawn at mga verb.

#### 3.2 Unibersal na base sa implikasyon:

Kung taglay ng isang wika ang isang katangian, sumusunod lamang na totoo din ang isa pang katangian. Halimbawa, kung may dual sa wika, lohikal lang na may plural.

#### 3.3 Unibersal na base sa istatistik:

Batay sa empirikal na imbistigasyon, malawakan ang pagkakatotoo ng isang katangian. Halimbawa, ang pagkakaroon ng neysal sa mga wika ay halos laganap sa buong mundo.

### 4.0 Mga Unibersal sa pagsasalin:

Ang pagsasalin ay isang prosesong paglalagay o paglilipat sa RW, sa pinakamalapit at natural na paraan, ang lahat ng kahulugan na nasa SW. Binibigyang diin kung ano muna ang ibig sabihin, at pagkatapos nito ang istayl.

Napapaloob sa depinisyon ng pagsasalin ang pangangailangang gumamit ng dalawang wika. Dahil dito, nagiging komplikado ang pagbuo ng mga unibersal. Dahil sa natural na katangian ng proses, ang unibersal ay dapat iugnay sa relasyon ng dalawang wika.

4.1 Kung titingnan ang malawakang tendensi, makikita na ang mas kinikilalang dominanteng wika ang madalas na SW.

Ang pagkadominante ay hindi dahil sa katangiang panglingguwistika ngunit dahil sa kasaysayan ng lipunan. Kadalasa'y ang naiibang kaisipan ang nasa wikang di-katutubo at gustong ibahagi ito sa mga mamamayan kaya ito isinasalin.

Pagkatapos ng ganitong direksyon, madalas na ang di-dominanteng wika naman ang nagiging SW.


Sa palagay ko, ito'y isang istatistikal na unibersal dahil ang pagiging dominante ng isang wika ay hindi nangyayari na walang dahilan.

4.2 Napakalakas ng tendensi na magsaling gumagamit ng pormal korespondens sa mga nauunang pagsasalin. Isa muling istatistikal na unibersal ito. Sa pagdedebelop na lang ng mga pamamaraan nakita ang kahalagahan na pag-ibahin ang pormal at kahulugan.

4.3 Madaling magsalin kung historikal na magkakahawig ang SW at RW. Ito'y isang unibersal na walang restriksyon. Ang tawag sa ganitong pagsasalin ay transposisyon dahil halos binabago lang ang salita at masasabing natural pa rin ang kaayusan.

5.0 Dahil nakabatay ang pagsasalin sa mga salita o leksikon, hindi maiwasan na hahantong ito sa paghahambing ng leksikal na analisis ng mga wikang iyon. Mahalagang sangkap ang ganitong analisis sa pagsasalin. Nararapat lang na may konseptwal na freymwork na magpapaliwanag kung saan ang lugar ng mga salita sa paggamit ng wika at kung anu-ano ang sangkap nito para makatiyak na sa pagsasalin, walang nawawalang kahulugan.

#### 5.1 Konseptwal na Freymwork ng Leksikal na Analisis:



Dayagram A: Leksikal Analisis

5.1.1 Ginaganit ang wika dahil may gusto tayong ipahiwatig o iparating na kahulugan. Ang paraan ng wika ay sa pamamagitan ng mga salita. Maaaring makahulugan ang isang salita, isang freys o sentens. Para maisali ang lahat ng ito, gagamitin ang term na Makahulugang yunit o (MY).

Ang bawat MY ay may dalawang elemento, ang sintaktiko at form. May dalawang uri rin ng elementong sintaktiko, iyong base sa patern at iyong base sa ponetika. Ang elementong sintaktiko na base sa patern ang nagsasabi kung paanong ayos mayroon ang MY kaugnay ng ibang mga MY. Ito ang elementong hindi nakikita kung nag-iisa. Kailangang nasa isang konteksto and MY para malaman ang sintaktikong elemento. Ang kabuuhan ng mga katangian ng elementong ito ang basihan ng mga freys istratyur at mga transpormeysyonal rul ng jeneratib gramar. Iyong elementong sintaktiko na base sa ponetika ay mga marker o palatandaan ng iba-ibang fityur o relasyon sa wika. Tingnan natin ang isang halimbawa:

10) Maganda si Maria.

Kasama sa sintaktikong elemento ng maganda ang pagiging adjektib, ang ayos na nauuna sa freys na si maria at ang gamit ng ma- bilang afiks ng ganda.

5.1.2 Iyong bahagi ng MY na laging naririnig o nakikita (kung nakasulat) ang tinatawag na porma.

5.2.0 May tatlong kahulugan ito, ang gramatikal, leksikal at pragmatik.

5.2.1 Ang gramatikal ang ano mang bahagi ng MY na may kinalaman sa maayos na pagkakaugnay nito sa ibang MY. Kasama sa kahulugang gramatikal ang uri ng kaugnayan mayroon sa mga salita.

Ayon kay Nida (1974), ang Ingles na preposisyon na of ay may maraming kahulugang gramatikal na hindi madaling makita. Pansinin natin:

11)	Jesus of Nazareth will of God God of peace	(Jesus comes from Nazareth) (God wills) (God causes peace)
-----	--	--

5.2.2 Ang leksikal na kahulugan ang nagsasabi sa kahulugan ng MY. May maraming klaseng uri ng kahulugan. Ang pinakasentral ay ang conceptual na kahulugan. Kung minsan tinatawag itong reperensyal o denoteytib. Ito ang tuwirang at ang pinakamahalagang kahulugan ng MY. Maaaring and konseptwal na kahulugan ay bunga na ng pagpili ng figyuratib o talinhaga at hindi ang literal na kahulugan.

Kasama din sa aspetong ito ang konotasyon at afektib na kahulugan. Ang afektib and bahaging naguudyok ng isang klaseng reaksyon sa tagapakinig. Pansinin ang halimbawa:


12) Masyadong malalim ang pananalita niya.

Ang leksikal na kahulugan ng malalim ang pananalita ay iyong mahirap maintindihan.

Mapapansin dito na ang Makahulugang yunit ay ang freys na malalaim ang pananalita. Ang leksikal analisis ay nagsisimula sa simpleng lebel patungo sa mas kompleks.

5.2.3 Ang kahulugang pragmatik ang nagsasabi kung anong reaksyon ang maaaring makuha sa mga nakikinig o bumabasa sa paggamit ng isang MY. Sinasabi nito kung ang isang salita ay masyadong informal o kaya'y nakakasakit ng damdamin. Kung minsan, nutral and isang EU sa aspetong ito kagaya ng halimbawang (10).

5.3 Mga Istep sa Dalawang Klase ng Pagsasalin



Dayagram B: Formal Korespondens at Daynamik Ekwibalens

5.3.1 Sa pormal na korespondens, isang istep lang ang kailangan dahil ang forma ng SW ang mahalaga. Pinapalitan ang salita sa SW ng nararapat na salita sa RW. Ito ang sinusunod hanggang tinatanggap pang tama ang sentens. Makikita ito sa paggamit ng arow mula sa SW patungong RW.

5.3.2 Pero sa daynamik ewkibalens, kinakailangan ang mga sumusunod:

5.3.2.1 Analisis

Dito hinihimay ang isang salita o sentens para malaman kung ano nga ang nilalaman. Pagkatapos, binubuo ang mga kernel sentens. Ito ay mga simpleng sentens na iisa lang ang predikeysyon. Inaayos ang mga kernel sentens para makita ang kaugnayan sa isa't isa.

### 5.3.2.2 Transfer o paglilipat

Paglilipat ng lahat ng nilalaman ng SW sa RW. Tinitiyak na ang lahat ng kernel ay maililipat. Dito rin magkakaroon ng mga adjastment dahil sa pagkakaiba ng dalawang wika.

### 5.3.2.3 Riistraktvur o muling pag-bubuo

Muling binubuo ang kahulugan pero sa istruktura at ponolohiya ng RW. Isinasaalang-alang dito ang uri ng mambabasa para maiangkop ang uri ng wikang gamit at ang lebel ng kanilang kakayahan.

Kung iuugnay ang dalawang dayagram, ang elementong sintaktika at porma ay nabibilang sa sarfeys istraktyur na kitang-kita sa pormal korespondens. Makikita ang kahalagahan ng leksikal analisis sa tatlong istep ng daynamik ekwibalens. Kailangan magkapareho ang gramatikal, leksikal at pragmatik na kahulugan sa analisis at muling pagbuo.

## 6.0 Iba pang mga Unibersal:

Dahil sa relebans ng leksikon sa pagsasalin, kung mayroon pang babanggitin na unibersal, ito'y nasa larangan nito. Papansin ang mga unibersal na katangian na malaki ang kinalaman sa pagsasalin - dahil nagbibigay ito ng kahirapan o magkaibang opinyon sa teorya o praktis.

6.1 May polisemi sa lahat ng mga wika. Ito'y isang paraan ng pagbibigay ng panibagong kahulugan sa matagal na ginagamit na salita o mga salita. Naniniwala akong ito'y unibersal na walang restriksyon dahil hindi kaila ang di-mabilang na mga bagong ideya na hinahayaang magawa ng wika sa pamamagitan ng polisemi. At kung wala ito, masyadong maraming salita ang dapat imemorya.

6.2 Ang mga ginagamit na ekspresyon sa polisemi ay iyong batay sa sariling kultura. Makikita sa bawat kultura din ay napapaloob ang mga katangiang pawang totoo para sa lahat. Kaya naniniwala akong isang unibersal na walang restriksyon and penomena na antroposentrism. Ginagamit ang katawan at kakayahan ng tao bilang basehan ng mga ekspresyon na figyuratib. Ang kakayahang gumawa ng panibagong kahulugan ay higit na malaya at mabilis kaysa sa pagbuo ng panibagong ekspresyon o mga salita.

Mga halimbawa ng mga ekspresyon na ito ay iyong gumagamit ng bahagi ng katawan o mga kakayahan nito kagaya ng: mata (ng pinna), tenga (ng tasa), paa (ng silya), natutulos (na mantika) at iba pa.

Ang ganitong penomena ay nagpapatibay sa isang praperti o katangiang ng wika na tinatawag ng parsimoni - ang pagiging matipid sa paggamit ng wika. Kaya sa halip na magbuo ng panibagong salita, ginagamit na lang iyong akma ang gamit pero sa naiibang konteksto.

Marami ang naniniwala na walang mga sinonim dahil din sa paniwala ng ganitong prinsipiyo ng parsimoni.

6.3 Kapag mahalaga sa isang kultura ang isang bagay o konsepto, magdedevelop ang wika ng mga salita na magpapahayag ng pagkakaiba-iba (differentiation) sa ilalim ng isang leksikal domeyn o paksa.

6.4 Ang tabu ay isang unibersal at gayon din ang paggamit ng yupemismo. Ito ay mga istatistikal na unibersal.

#### 7.0 Ilang mga Problema sa Pagsasalin ng Bibliya:

Malaki ang pagkakaiba ng mga wika at kultura na ginamit sa Bibliya kung ihahambing sa mga wika at kultura sa Pilipinas. Makikita ito sa sintaktika at porma. Hindi katakataka na nagbibigay ito ng kahirapan sa mga tagasalin.

##### 7.1 Sa Sintaktika

Sa Lumang Tipan o Old Testament, ang pangalan ng Panginoon ay may kadalasang bigkas na YAHWEH. Ito ay base sa Hebreo na may kahulugang 'to be', ang kopyula na verb. May mga pagkakataon kagaya sa Exodus 3.14 na kailangan isalin ang I AM. Ang elementong pangkasalukuyang isteyt (AM at hindi WAS) ay mahalaga dito pero mahirap isalin dahil walang kopyula na verb sa mga wika sa Pilipinas. Sa ganitong mga pagkakataon, kailangan gamitin ang pinakamalapit na salin. Ipapakita sa ibaba ang sentens sa Inggles at sa Tagalog.

###### 13) Exodus 3.13-14

Galing sa Inggles, Revised Standard Version (PK):

Then Moses said to God, "If I come to the people of Israel and say to them, 'The God of your fathers has sent me to you,' and they ask me, 'What is his name?' what shall I say to them?"

God said to Moses, "I AM WHO I AM." And he said, "Say this to the people of Israel, 'I AM has sent me to you.'"

Galing sa Tagalog, Ang Biblia (PK):

At sinabi ni Moises sa Dios, Narito, pagdating ko sa mga anak ni Israel, at sasabihin ko sa kanila, Sinugo ako sa inyo ng Diyos ng inyong mga magulang; at sasabihin nila sa akin: Ano ang kaniyang pangalan? Anong sasabihin ko sa kanila?

At sinabi ng Dios kay Moises, AKO YAONG AKO NGA; at kaniyang sinabi, Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, Sinugo ako sa inyo ni AKO NGA.

7.2 Sa Leksikon o Bokabularyo:

